



GABAY PARA SA LIGTAS NA PAGBIBISIKLETA


Nilikha base sa impormasyon mula sa Japan Traffic Safety Association at Hokkaido Police



KALIGTASANG PAGSURI NG BISIKLETA

Bago sumakay ng bisikleta, siguraduhing suriin ang mga sumusunod na puntos at ayusin ang bikleta kung kailangan..

- 1 Ang manibela ay dapat na nakapantay ng wasto sa unahang gulong
- 2 Ang pedal ay dapat umiikot ng wasto at hindi dudulas ang inyong paa .
- 3 Hindi masyadong maluwag ang kadena
- 4 Gumagana ng wasto ang break sa likod at unahan.
- 5 May sapat na hangin ang mga gulong at hindi ito pudpod.
- 6 Kailangang malinaw ang ilaw kapag sinindihan.
- 7 Kailangang gumagana ang ilaw sa likod at mga reflectors na nakakabit.
- 8 Siguraduhing kumpleto at gumaganang mabuti ang mga piyesang nakakabit sa bisikleta.



Pag-iingat

Suriin nang mabuti ang bisikletang hindi ginamit sa panahon ng taglamig!





"5 PATAKARAN PARA SA LIGTAS NA PAGGAMIT NG BISIKLETA"

1 Ayun sa tuntunin, ang Siklista ay dapat sa daanan ng sasakyan at gagamit lang ng bangketa kung may tanging kalagayan.

- Ang bisikleka ay kauri ng mga behikulo kaya dapat ang siklista ay sa daanan ng mga sasakyan ayun sa tuntunin.
- Gamitin ang itinalagang daanan ng bisikleka kapag maaari..
- Puedeng daanan ang bangketa na mayroong markang pahintulot sa bisikleka.
- Ang mga edad 13 anyos pababa, lagpas 70 anyos, may pisikal na kapansanan ay maaaring magbisikleka sa bangketa o daanan ng mga tao.
- **Maaaring magbisikleka sa daanan ng mga tao kung walang ibang paraan gaya ng kung makipot ang kalsada.**



2 Ang mga siklista ay nararapat na magpatakbo sa gawing kaliwa

- Ang mga siklista ay dapat manatili sa gawing kaliwa ng daan.
- Ang mga siklista ay maaaring dumaan sa daanang may linyang tawiran, subalit hindi dapat makaabala sa mga taong naglalakad




3 Sa bangketa, bigyan ng karapatan ang mga naglalakad sa daan at bagalan ang pagpapatakbo.

- Kung dadaan sa mga daanan ng mga tao, sapat na bagal ang dapat na pagpapatakbo upang makasegurong makahinto agad.
- Huminto muna kung sakaling may panganib na abala sa mga dumaraan.
- Pigilin ang hindi kinakailangang pagbusina sa mga taong nagdadaan.
- **Ang karapatan sa bangketa ay daanan ng mga tao, kaya kung kinakailangan, bumaba ng bisikleka.**



4 Sundin ang mga Ligtas na Patakaran

1. Bawal ang pagsakay nang dalawahan o higit pa sa isang bisikleka.
2. Bawal ang magbisikleka nang magkaagapay.
3. Bawal ang magbisikleka kung nakainom ng alak.
4. Kailangang gamitin ang ilaw kapag gabi.
5. Sundin ang semaporo o traffic lights sa krosing, tumigil at tingnan ang paligid.
6. Itigil ang pagpapayong, paggamit ng telepono habang nagbibisikleka.



5 Gumamit ng helmet na pangbisikleka

Ang mga magulang o tagapag-alaga ng mga batang wala pang 13 taon gulang ay lailangang pagamitin ng helmet kung sasakay ng bisikleka. Ang lahat ng siklista hindi lamang mga bata, ay kailangang magsikap gumamit ng helmet.





KUNG MAGKAROON NG AKSIDENTE

1 Itigil agad ang bisikleta.

2 Itabi sa gilid ng daan ang bisikleta upang hindi maabala sa mga nagdadaang tao o sasakyan.

3 Tumawag ng ambulansya sa "119" kung may nasugatan.

Habang hinihintay ang ambulansya, gumamit ng malinis na panyo upang patigilin ang paglabas ng dugo at alalayan ang taong sugatan subalit huwag itong pakikilusin kung hindi kailangan.

4 Tumawag ng pulis sa "110" may sugatan man o wala.

Hindi nararapat na umalis mula sa lugar ng aksidente hangga't hindi dumarating ang pulis at bilang nagmamaneho ayon sa batas, obligado mong sabihin ang buong pangyayari ng aksidente



PAGKUHA NG INSURANCE PARA SA SEGURIDAD

Para sa mga gagamit ng bisikleta, kumuha ng insurance para sa seguridad.

- Maaaring magkaroon ng pasanin na magbayad nang malaking halaga kapag nakabangga.
- Alamin ang mga sakop ng insurance pagkatapos kumuha nito.



PANGUNAHING PARAAN UPANG HINDI MANAKAW ANG BISIKLETA

1 Ilaging Dobleng Susian ang inyong bisikleta kahit na sa sandaling oras na iiwanan ito ! !

Hindi nag-aaksaya ng oras ang magnanakaw ng bisikleta kaya bukod sa sariling susi nito, mas mainam na gumamit ng iba pang pang lock tulad ng kadena

2 Huwag maging kampante kahit na sa parking ng bisikleta, hangga't maaari ikabit sa isang matibay na bagay at susian itong mabuti ! !

3 Nararapat na ipa rehistro ang bisikleta ! !

Ang pagpaparehistro ay makakatulong upang makaiwas na manakaw ang bisikleta at madaling ma detect kung saan iniwan ito kaya nararapat nating iparehistro ang bisikleta.



C000000
防犯登録証
北海道警察